



MINSABI NI OBISPO FREDRIK HANSEN PARA SA MGA MANANAMPALATAYA NG DIYOSESIS SA OSLO TUNGKOL SA KARANIWANG KALAGAYAN PINANSYALI AT KINABUKASAN NG DIYOSESIS

Purihin si Hesukristo! Purihin ang Kanyang Banal na Pangalan!

1. Pinapahiwatig nang ating Panginoon na ang taong nakikinig sa kanyang mga salita at minsahi at itinatag ang kanyang buhay sa kanyang mga banal na aral ay parang “isang bahay na itinayo sa ibabaw ng bato” (Mt 7:24). Ang pagkakaroon ng matibay na sandigan, ang pananatiling matatag sa gitna nang ulan at bagyo, at ang pananatiling matibay sa panahon ng kaguluhan ay hindi lamang dapat maging katangian ng bawat isa sa atin bilang mga alagad nang ating panginoon Hesus, kundi sa ating Diyosesis at sa ating mga simbahan at ganoon din kong tayo ay may matatag at sapat sa pinansyal na gagamitin sa pagkalat natin sa kanyang mga banal na aral sa mundo.

Mga kongkretoong pagsubok: Kulang tayo sa finansyal na suporta dahil mas marami tayong nagagamit na pera sa pagpapalakad nang minsahi nang ating Panginoon.

2. Hinihiling ko na sana tayoy magkaisa at sama sama nating harapin ang pangangailangan nang ating Diyosesis at ang ating mga simbahan kong papaano natin mapapatatag ang atin kalagayan pinansyal sa ngayon at sa kinabukasan para ikalat ang banal na turo at minsahi nang ating Panginoon. At sa ngayon ang pinansyal sitwasyon natin ay hindi kagaya nang bahay na nakatayo sa isang solid na bato na kahit anong kalamitis ang dadaan ay nakatayo pa rin ito.

3. May mga tatlong dahilan kung bakit ganito ang aking pananaw. Una, lubos tayong umaasa sa pinansyal suportang tulong mula sa gobyerno. Halos lahat nang pera nang ating Diyosesis ay nanggagaling sa pondong pampubliko. Sa ngayon ang pondong nakukuha natin ay napakalaki na tumutulong sa pangangailangan nang ating Diyosesis at sa ating mga Simbahan at masyado tayong nakadependi dito. May mga indikasyon na na galing sa ating gobyerno na ito ay maaaring mawala o kaya mababago at kailangan na nating maghanda dahil hindi natin alam kong anong klasing pagbabago ang gagawin nang ating awtoridad at anong klasing sitwasyon tayo lulugar pagdating nang araw na ito.

4. Ikalawa, wala tayong malaking ipon na pondo sa ating Diyosesis. Wala tayong tinatawag na “oil fund” na maaaring tumulong sa atin sa panahon ng kagipitan. Kung magkaroon man nang malaking pagbabago sa natatanggap nating pundo galing sa gobyerno at kong ang pagbabago na ito ay mawala o kaya mababawasan ang ating natatangap, malaking krisis po ito sa atin pinansyal at ang maaaring maging resulta po ay: Mabawasan ang mga aktibidad at marami din pong mababago sa ating Diyosesis at sa Simbahan.

5. Ikatlo dahilan po ay: - Ang ating Diyosesis ay maraming gastusin at ang pinakamalaki sa lahat ay ang pagaalaga, pagkukumpuni at pagpapalaki sa ating mga Simbahan na dapat ironobit para lumaki ang dasalan para sa ating mga dumadaming nananampataya.

6. Ang katunayan nang mga naisulat sa paragraf 1-5 ay matatagpuan sa videopresentasiyon sa Diyosesis website at sa pagpapatunay na misahing papil na ipamimigay kaugnay ng minsahi kong ito.

Ang Landas Patungo sa Kinabukasan

7. May isa pang dahilan kung bakit kailangan nating magkaisang pag-isipan ang kinabuaksan. Sa loob nang mga nakaraang taon at sa ngayon, ang ating Diyosesis at ang ating mga simbahan ay patuloy ang paglago. Dumadami ang mga banal at grupo na misa. Dumadami din ang mga kabataan para sa sakramento ng kumpil at dumarami din ang nagnanais na matuto tungkol sa pananampalatayang Katoliko. Dumadami din ang ating mga seminarista at bokasyon sa pagpapari. Patuloy na nadagdagan at dumadami ang mga gawain at ninanais natin ang higit pa: higit na ebanghelisasyon, higit na paglilingkod para sa lahat ganoon din sa mga bata at kabataan at buong puso natin silang tinatanggap. Tumutulong din tayo sa lahat nang naghihirap at nangangailangan nang tulong. Pinapakita natin ang isang liwanag na nagliliwanag para sa mga kapwa natin sa loob at sa labas ng ating pamayanang Katoliko.

8. Upang patuloy tayong lumago bilang Simbahan at alagad nang Diyos, kinakailangang nating lahat na makibahagi at tumulong sa gawaing ito. Nagsisimula ito sa ating mga panalangin. Kaya naman, manalangin kayo para sa ating Diyosesis, para sa ating mga simbahan, at para sa lahat ng mabuti at buhay na ating nasasaksihan sa ating kapaligiran. Ang kinabukasan ng Diyosesis at simbahan ay nasa mga kamay ng ating Diyos.

9. Huwag din natin dapat kalimutan ang mga praktikal na mga bagay, kabilang na dito ang salapi na tumutulong sa ating misyon na ibinigay nang ating Panginoon. **Una-** kailangan nating tiyakin na ang pamamahala sa ating salapi ay maayos, maingat, at makatotohanan. Hindi tayo gagastos nang pera na masmahigit kong anong mayroon tayo. Kailangan nating mag-ipon at mag-isip para sa pangmatagalan. Kailangan nating gumawa ng mga plano at manatili sa mga ito. **Ikalawa** - kailangan nating magingat sa ating mga gastusin. Ano ang kinakailangan? Ano ang maaaring ipagpaliban? Ano ang maaaring bawasan o tuluyang alisin? **Ikatlo** – ang donasjon at kontribusyon na natatanggap nang ating Diyosesis at ang ating mga simbahan ay kailangan pang paramihin at palaguin dahil sa inaasahang pagbaba nang suporta galing sa gobyerno. Bawat isa sa atin ay may sariling pananagutan at responsibilidad para magpatuloy pa rin ang ating ginagawa sa ating Diyosesis.. Ang kasalukuyang natatanggap natin mula sa mga kolekta at donasyon ay hindi sapat upang matiyak ang ating kinabukasan.

Ang Kampanyang “Isang Bahay na Itinayo sa Ibabaw nang Bato”

10. Dahil sa patuloy na paglago at pangangailangan nang ating Diyosesis at ang ating mga simbahan, maaaring di natin lahat makayang tustusan ang lahat nang ito kaya magkakaroon tayo nang kamp Anyang **“Isang Bahay na Itinayo sa Ibabaw ng Bato.”** At ang layunin ng kampanyang ito ay dalawa:

11. Una – Ano ang ating maikokontribyut o kaya maiambag – sa espirituwal, praktikal, at materyal na paraan – bilang isang alagad nang Diyos, tanungin natin ang ating mga sarili, ano ang ating kakayahan iambag para lumago pa ang ating Diyosesis at ang ating mga Simbahan. Tayong lahat ay tinatawag na makibahagi. Ang ganitong suporta ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng regalo/abuloy at donasyon para sa mga tiyak na proyekto, at regular na kontribusyon. Ang katapat nang regular na pagbibigay, kahit maliit o kaya malaking halaga, ay malaking tulong na ito sa ating Simbahan na makapagplano at makapagtayo nang may katiyakan at katatagan.

12. Ikalawa, hinihiling ko sa inyong lahat na magbigay ng isang kongkretong donasyon sa **St. Joseph Building Fund**. Ang purpos nang pondo na ay para sa pagtatayo, pagbili, pagpapanatili, at pagpapalawak nang ating mga Simbahan. Ang mga donasyon na makokolekta ngayong Linggo ay ilalaan din sa pondong ito, at pwidi ring mag donit sa pamamagitan nang Vipps at ang numero po ay **42921**. Makakahanap ng karagdagang impormasyon sa Polyeto at ang factsheet kung paano maaaring magbigay ng mga donasyon.

13. Sa lahat ng malilikom, 67% ay ibabalik Simbahan kong saan nag donit ang mga tao para suportahan ang mga kongkretong proyekto sa mismong Simbahan na ito. Ang natitirang 33% ay ilalaan sa mga proyekto na hindi kayang tustusan ng mga Simbahan. [**Ipaliliwanag ng mga pari kong ano man ang proyekto na ito na gagawin nila sa kanilang Simbahan .]**

14. Sa **www.katolsk.no**, maaari ninyong subaybayan ang kalagayan ng ating kampaniyang ito. Maraming salamat sa inyong lahat sa inyong ambag/kontribusyon at sa inyong mga pagod para lang mapalago ang ating mga Simbahan at sa ating sama-samang tulungan, maaakyat at mararating natin ang ating kampaniyang – **Isang Bahay na Itinayo sa Ibabaw nang Bato** – Ito po ang tutulong sa ating Diyosesis at sa ating mga Simbahan para maging matatag kagaya nang isang bato na hindi basta basta nasisira. Nawa’y pagpalain kayo ng Diyos.

Ibinigay sa Katedral ng San Olav sa Oslo,
ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon – Ika-18 ng Oktubre 2026



+Fredrik Hansen
Diyosesanong Obispo ng Oslo